

Maaaring sabay-sabay na iharap ang mga reklamo ng diskriminasyon sa mga sumusunod na ahensiya:

- U.S. Department of Health and Human Services, Region IX
Office for Civil Rights
90 7th Street, Suite 4-100
San Francisco, CA 94103-6705
(*Financial & Medical Assistance*)
- U.S. Department of Agriculture
Director OCR, Room 326-W, Whitten
1400 Independence Avenue, SW
Washington, D.C. 202-50-9410
Phone: (202) 720-5964
(*Supplemental Nutrition Assistance Program - SNAP*); Q
- U.S. Department of Agriculture
Regional Office
90 7th Street, Ste. 10-100
San Francisco, CA 94103
(*Supplemental Nutrition Assistance Program - SNAP*)
- U.S. Department of Education
Region IX, Office for Civil Rights
915 Second Avenue, #3310
Seattle, WA 98174-1099
(*Vocational Rehabilitation Services*)
- U.S. Department of Justice
Office for Civil Rights
810 7th Street, NW
Washington, D.C. 20531
(*Youth Services*)
- U.S. Department of Housing and Urban Development
Office for Civil Rights
451 7th St., SW
Washington, D.C. 20410
(*Housing/HPHA*)

BATAYAN NG PATAKARAN

Dapat mailapat sa loob ng mga parameter o sukatan ng Title VI ng Civil Rights Act of 1964, Title VIII ng Civil Rights Act of 1968, Title IX ng Education Amendment of 1972, Section 504 ng Rehabilitation Act of 1973, at Title II ng Americans With Disabilities Act of 1990, na sinusugan at may kaugnayan sa Hawaii Revised Statutes ang pangunahing patakaran tungkol sa pantay na oportunidad sa mga serbisyo.

MGA TANONG

Sumulat, mag- email o tumawag sa Civil Rights Compliance Staff, Department of Human Services sa:


Civil Rights Compliance Office
Queen Liliuokalani Building
1390 Miller Street
Honolulu, HI 96813

Telepono: 586-4955
TTY: 586-4950
Fax: 586-4990

E-mail: gwatts@dhs.hawaii.gov

JULY 2014

DHS 050 TGL



Department of Human Services

ACCESS HAWAII

Ang Inyong mga
Karapatan

Ang Aming mga
Pananagutan

Polyeto ng Karapatang Sibil

Para sa mga naiibang pormat,
tumawag sa: 586-4955

TAGALOG

PATAKARAN NG DHS

Patakaran ng Department of Human Services (DHS) na mabigyan ng pantay-pantay na pagkakataon ang lahat ng taong sumali sa mga programa, aktibidad at serbisyo ng DHS nang walang pagsasaalang-alang sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, kasarian, relihiyon at iba pang larangang protektado ng mga batas-Pederal at Estado, na binabago sa pana-panahon.

Inilalapat ang patakarang ito sa lahat ng mga dibisyong organisasyonal, ahensiya at/o komisyon at samahang tumatanggap ng pondo mula sa Estado o Pederal sa pamamagitan ng mga kontrata o iba pang kasunduan sa DHS.

Dapat planuhin at pangasiwaan ang mga programang pinopondohan ng Estado at Pederal sa paraang hindi magkaroon ng epektong pinagkakaitan ng serbisyo at/o pagkakataong sumali sa programa ang sinumang partikular na tao o pangkat.

DISKRIMINASYON

Maraming anyo ng diskriminasyon, lantaran at palihim, na maaaring makaapekto sa oportunidad ng mga tao o grupong magkaroon ng pantay-pantay na paggamit sa mga serbisyo. Kabilang dito ang sumusunod na halimbawa:

- magkakaibang trato sa mga tao sa pagpapasiya kung sino ang karapat-dapat sa mga serbisyo;
- pagsasailalim sa mga tao sa magkakaahinalay na serbisyo o magkakaibang trato, na hindi nagbibigay ng pantay na pagkakataon sa serbisyo;

- kabiguang magbigay ng tagasalin o interpreter ng wika para sa mga taong may limitadong kaalaman sa Ingles o ng mga tagasalin sa lengguwaheng senyas (sign language) para sa mga taong mahina ang pandinig at may kapansanan sa pagsasalita; at
- pagtatakda ng mga oras ng serbisyong may masamang epekto sa ilang pangkat ng tao.

TUNGKULIN NG MGA KAWANI

Tungkulin ng lahat ng kawaning ipatupad ang patakaran ng DHS (4.10.3) sa pantay-pantay na oportunidad sa serbisyo; at hindi ito limitado sa:

- pantay-pantay at magalang na pagtrato sa lahat ng tao; at
- pagpapatid sa mga tao ng kanilang mga karapatan sa pantay-pantay na oportunidad sa serbisyo; sa libreng serbisyo ng tagasalin; sa paghaharap ng reklamo ng diskriminasyon sakaling nakita nilang nalabag ang kanilang karapatang sibil; at/o paghahain ng reklamong panloob kung ipinapalagay nilang hindi makatarungan ang trato sa kanila.

Sasailalim sa aksiyong pandisiplina ang sinumang kawaning tuwirang hahadlang sa layunin ng DHS na magkaloob ng pantay na paggamit sa serbisyo, batay sa naaangkop na kolektibong bargaining agreement.

Tungkulin ng mga Tagapangasiwa ng Programa na pagpasiyahan ang mga pangangailangan ng populasyong kanilang pinaglilingkuran nang isinasaalang-alang ang lengguwahe, kultura, gayundin ang mga pangangailangang pisikal sa

aksesibilidad. Responsable rin ang Tagapangasiwa ng Programa na planuhin ang mga programang kasang-ayon ng mga pangangailangang iyon at sumusunod sa mga batas.

Pananagutan ng mga Superbisor na tiyaking alam ng kanilang mga tauhang dapat nilang tratuhin nang pantay-pantay at makatarungan ang lahat ng kliyente, at tumulong sa mga taong may natatanging pangangailangan. Dapat tiyakin ng mga superbisor na naipabatid sa mga kliyente ang karapatan nila sa mga serbisyong walang diskriminasyon.

PARAAN NG REKLAMONG PANDISKRIMINASYON

Maaaring magharap ng paratang (DHS Forms 6000 & 6006) ang mga taong nakaramdam ng diskriminasyon batay sa mga protektadong dahilan. Maaaring sabay na iharap ang reklamo sa mga angkop na ahensiyang Pederal at Pang-estado batay sa itinakdang panahon.

Maaaring iharap ang mga kasulatang pormal ng reklamo sa paratang na diskriminasyon sa:

Department of Human Services
Personnel Office
Civil Rights Compliance Staff
P.O. Box 339
Honolulu, HI 96809-0339

E-mail: gwatts@dhs.hawaii.gov
Fax: (808) 586-4990

REQUEST FOR AUXILIARY AID (CONFIDENTIAL)

申請輔助裝備 (保密)
根據美國殘疾人法案第 II 部分, 經修訂
申請服務, 項目和活動的客戶和申請人

申請日期: _____

請選一個: 申請人 客戶
申請者名稱: _____
項目/活動或服務: _____
分部/區/單元: _____
郵寄地址: _____
白天電話: _____

申請
(由客戶/申請人完成)

1. 我申請如下輔助裝備: _____

2. 如下輔助裝備對我有必要, 因為下述原因:

申請者簽名: _____ 日期: _____

僅供內部用 決定	
你對於輔助裝備的申請	_____ 已經被: (申請日期)
<input type="checkbox"/> 通過	提供輔助裝備: _____
<input type="checkbox"/> 不通過	拒絕原因: _____
<input type="checkbox"/> 經修改後通過:	_____
<input type="checkbox"/> 通過試用, 期限為	_____ 到: _____
評論:	_____ _____
<p>如果你不同意這個決定, 你可以提供更多資訊, 以便進一步證實你的申請, 請聯繫 Geneva Watts, Civil Rights Compliance Officer, 公民權利投訴官員, 電話 586-4955 或通過電子郵件 gwatts@dhs.hawaii.gov.</p>	